Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 30:
## (Tono, Diin, Bilis, at Intonasyon)



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 30: (Tono, Diin, Bilis, at Intonasyon)
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

**Manunulat:** Cathyrine D. Melos

**Editor:** Emelita F. Rey, PSDS

**Tagasuri:** Emelita F. Rey, PSDS

**Tagalapat:** Rommel C. Villa
Ma. Gelyn G. Zerna

**Ilustrador:** Madilyn P.Saphlot

**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Tagapamahala:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Tagapamanihala ng mga Paaralan*

Co-chairperson: Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

Mga Kasapi: Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 30:
## (Tono, Diin, Bilis, at Intonasyon)

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng *email* sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na ito*

Magandang buhay!

Ang modyul na ito ay binuo upang suportahan ang inyong pagkatuto bilang mga mag-aaral sa ikaapat na baitang. Ito ay idinisenyo upang kayo ay matulungan na maunawaan ang aralin tungkol sa pagtutukoy ng damdamin ng nagsasalita ayon sa tono, diin, bilis, at intonasyon.

Naghanda ako ng mga halimbawa at pagsasanay upang mahasa, mapaunlad, at madagdagan ang inyong kasanayan at kaalaman sa araling ito. Ang pagsunod sa mga panuto/tagubilin ay dapat isaisip upang maintindihan at masagutan nang maayos ang mga pagsasanay.

Sana'y masiyahan kayo habang natututo mula sa modyul na ito.

Maraming salamat at nawa'y pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal!



### *Para sa Guro*

Ang pag-aaral nang mag-isa ay isang mapanghamong paraan para sa mga mag-aaral. Bilang isang guro, tungkulin parin nating gabayan at subaybayan ang ating mga mag-aaral habang sila ay natututo nang nag-iisa.



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:

Layunin:

1. Natutukoy ang damdamin ng nagsasalita ayon sa tono, diin, bilis, at intonasyon.



2. Napag-iiba ang kahulugan ng salita o pangungusap ayon sa pagkabigkas nito.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng mga gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong buhay at sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Tukuyin ang wastong damdamin ng tagapagsalita sa pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Yehey! Nanalo ako sa patimpalak.
   a. Natatakot b. Nagagalit c. Nagbubunyi d. Naaawa

2. Lumayas kayo sa pamamahay ko! Layas!
   a. Nagagalit b. Naaawa c. Natatakot d. Natutuwa

3. Aray! Ang hapdi ng sugat ko.
   a. Nagagalak b. Nasasaktan c. Naguguluhan d. Nagagalit

4. Naku! Nabasag yung pinggan. Papagalitan talaga ako nito.
   a. Nagagalit b. Naaawa c. Natatakot d. Natutuwa

5. Alin kaya sa dalawang ‘to ang bibilhin ko?
   a. Natatakot b. Naguguluhan c. Nagagalak d. Naaawa

6. Ano ang nararamdaman mo Ineng? Ano ba ang masakit sa iyo?
   a. Nag-aalala b. Natutuwa c. Natatakot d. Nagagalit

7. Patay! Hindi ko nagawa yung assignments ko. Lagot talaga ako neto kay Maam.
   a. Nagagalit b. Naaawa c. Natatakot d. Natutuwa

8. Nanay! Tingnan niyo po ang nakuha kong marka sa mga pasulit. Ang tataas po.
   a. Nag-aalala b. Natutuwa c. Natatakot d. Nagagalit

9. Ang sabi ko sa’yo huwag kang lumabas ng bahay! Ba’t ba hindi ka nakikinig?
   a. Nagagalit b. Naaawa c. Natatakot d. Natutuwa

10. Naku! Kawawa naman yung matandang nawalan ng pera.
    a. Natatakot b. Nagagalit c. Nagagalak d. Naaawa

| Aralin 1 | Tono, Diin, Bilis at Intonasyon |
|---|---|






***Balikan***

Ano ang kailangan nating gamitin sa usapan upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan?

Ang magagalang na salita ay dapat gamitin sa pakikipag-usap. Mahalagang maalala at magamit ang mga ito sa pang araw-araw na buhay. Maaring simulan ito sa tahanan, paaralan, at sa mga kaibigan.

**Panuto:** Bilugan ang mga magagalang na salita na makikita sa usapan.

*(Hiyas sa Wika4 pp.110)*

Rey: Maligayang pagdating dito sa Pilipinas pinsan Joy.

Joy: Salamat naman pinsan Rey.

Rey: Walang anuman pinsan. Mabuti naman at hindi ka pa nakakalimot na magsalita ng Filipino.

Joy: Opo, yan ang salita namin sa tuwing nasa bahay na kami.



## ***Tuklasin***

I. Basahin nang mabuti ang mga sumusunod na pangungusap.

a. Uuwi si Tatay.

b. Uuwi si Tatay?

c. Uuwi si Tatay!

II. Tingnan ang mga sumusunod na salita. Basahin ang mga ito at bigyang diin ang bawat pantig na nakasulat gamit ang malalaking titik.

| | | | |
|---|---|---|---|
| TUbo | tuBO | TAyo | taYO |
| BUko | buKO | PIto | piTO |

## *Suriin*

Ang bawat pangungusap na makikita sa bilang I ay naglalahad ng damdamin base sa tono at intonasyon ng nagsasalita.

**Tono/Intonasyon** - taas-baba na iniuukol sa pagkabigkas ng mga salita upang higit na mabisa ang pakikipag-usap natin sa kapwa.

Sa I.a., ang nagsasalita ay simpleng nagsasalaysay na uuwi si tatay. Sa bilang I.b., ang nagsasalita ay nagtatanong kung saan ang huling salita ay pataas ang tono. Sa bilang I.c naman, ang nagsasalita ay nagpapakita ng pagkagalak o pagka-*excite*.

Dahil sa tono, nagkaroon ng iba't-ibang kahulugan ang salita o pangungusap.

Sa bilang II, ang mga salita ay may iba't-ibang kahulugan base sa diin ng mga pantig.

Halimbawa:

TUbo (nasa unang pantig ang diin) - daluyan ng tubig

tuBO (nasa huling pantig ang diin) - kinakain; ginagawang asukal


**Diin** - tumutukoy sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita.



## *Pagyamanin*

**Gawain I**

**Panuto:** Ibigay ang pangalan ng mga sumusunod ayon sa diin nito. Isulat ang pantig na may diin gamit ang malaking titik.

1.  - ___________

2.  - ___________

3.  - ___________

4.  - ___________

5.  - ___________

## *Isaisip*

**Gawain 2**

**Panuto:** Isulat ang **Tama** sa patlang kung ang pahayag ay tama. Kung mali, kunin ang tamang salita mula sa kahon at isulat sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| nagtatanong | bilis | |
| puso | PIto | ritmo |


_______________1. Ang tono o intonasyon ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagbigkas ng pantig ng isang salita, parirala o pangungusap.

_______________2. Sa pahayag na "Nakapasa ako?" masasabing ang tagapagsalita ay nagbubunyi.

_______________3. Tinatawag na piTO ang bagay na karaniwang ginagamit ng pulis para makagawa ng tunog na sipol bilang hudyat.

_______________4. Ang bigat o lakas ng pagbigkas ng pantig ay tinatawag na diin.

_______________5. Matutukoy ang tunay na damdamin ng tagapagsalita sa pamamagitan ng kaniyang tono, diin, bilis, at intonasyon sa pagpapahayag.



## *Isagawa*

**Gawain 3**

**Panuto:** Bilugan ang wastong salita sa bawat pangungusap.

1. Huwag no nang dagdagan, (PUno, puNO) na ang sisidlan.

2. Ang ganda ng (SAya, saYA) mo Neneng!

3. (TAyo, taYO) ay kailangang mag-aral nang mabuti upang ang buhay ay bumuti.

4. Ang dami mong (PAsa, paSA) sa katawan. Ano bang nangyare sa iyo?

5. Huwag kayong lumalabas ng bahay. May (SIra, siRA) ulo na gumagala at baka kayo ay mapag-tripan.

6. Kumain kami ni tatay ng (TUbo, tuBO) sa bukid.

7. May ahas sa (PUno, puNO) ng mangga.

8. Kumuha ka ng (TAsa, taSA) sa kusina.

9. Ang (SAya, saYA) naming magkakaibigan habang naglalaro ng patintero.

10. Ngumiti ka at (kaWAyan, kawaYAN) mo ang mga tao. Dapat maging mabuti ka sa kanilang paningin.



## *Tayahin*

**Gawain 4**

**Panuto:** Pagtambalin ang bawat pangungusap sa tamang damdamin ng nagsasalita. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ____1. Wow! Ang laki at ang ganda po ng bahay niyo Maam. | a. nagbubunyi |
| ____2. Nagsasabi ka ba talaga ng totoo? | b. nagugulat |
| ____3. Alin kaya sa mga sapatos na ito ang bagay sa akin? | c. nag-aalala |
| ____4. Aray! Yung ngipin ko po kumikirot. | d. namamangha |
| ____5. Nanay, huwag niyo pong patayin ang ilaw! Hindi ako nakakatulog pag madilim. | e. nagdududa |
| ____6. Yehey! Mamamasyal kami sa parke bukas. | f. nagagalit |
| ____7. Ay butiki! Ikaw talagang bata ka. Ba't mo naman ako ginulat? | g. nasasaktan |
| ____8. Sino ang nakabasag ng plorera? Kung walang aamin, lahat kayo paparusahan ko! | h. natatakot |
| ____9. Hooray! Kami ang kampeon ng palaro. | i. nagagalak |

____10. Kumusta na kaya ang tatay niyo sa ibang bansa? Nakakakain at nakakatulog kaya siya nang maayos?

j. naguguluhan

k. naaawa



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sumulat ng pangungusap na naaayon sa damdamin na nasa ibaba.

a. Natatakot

_______________________________________________

b. Naguguluhan

_______________________________________________

c. Nagagalit

_______________________________________________

d. Naaawa

_______________________________________________

e. Nasisiyahan

_______________________________________________

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
| --- |
| 1. c |
| 2. a |
| 3. b |
| 4. c |
| 5. b |
| 6. a |
| 7. c |
| 8. b |
| 9. a |
| 10. d |

| Gawain 1 | Gawain 2 |
| --- | --- |
| 1. PUno | 1. Tama |
| 2. piTO | 2. nagtatanong |
| 3. tuBO | 3. PIto |
| 4. BAsa | 4. Tama |
| 5. paSO | 5. Tama |

| Gawain 3 | |
| --- | --- |
| 1. puNO | 6. tuBO |
| 2. SAya | 7. PUno |
| 3. TAyo | 8. TAsa |
| 4. paSA | 9. saYA |
| 5. SIra | 10. kawaYAN |

| Gawain 4 | |
| --- | --- |
| 1. d | 6. i |
| 2. e | 7. b |
| 3. j | 8. f |
| 4. g | 9. a |
| 5. h | 10. c |

***Sanggunian:***

https://teksbok.blogspot.com/2013/01/apat-na-ponemang suprasegmental.html.

https://www.slideshare.net/mobile/luzypearl/tono-diin-at-antala

Para sa mga katanungan at mungkahi, mangyaring sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615